

TANGGAPAN NG PANGULO NG FILIPINAS
Malacañang

MEMORANDUM MULA SA KALIHIM TAGAPAGPAGANAP

PARA SA : **MGA PUNÒ NG MGA KAGAWARAN, AHENSIYA, TANGGAPAN, AT MGA INSTRUMENTALIDAD NG PAMAHALAAN, GOVERNMENT OWNED OR -CONTROLLED CORPORATIONS (GOCCs), GOVERNMENT FINANCIAL INSTITUTIONS (GFIs), STATE UNIVERSITIES AND COLLEGES (SUCs), AT MGA LOKAL NA YUNIT NG PAMAHALAAN (LGUs)**

PAKSA : **ESTRIKTONG MGA HAKBANG SA SOCIAL DISTANCING AT DAGDAG NA PANUNTUNAN PARA SA PAMAMAHALA NG SITWASYON NG CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

PETSA :

Kaugnay ito ng Joint Resolution Nos. 11 at 12 (s. 2020) ng *Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases* (Task Force) na itinatag sa pamamagitan ng Executive Order No. 168 (s. 2014), hinggil sa mga rekomendasyon sa pamamahala ng sitwasyon sa COVID-19, hábang isinasaalang-alang ang pasiya ng ating health officials na itaas ang Code Alert System para sa COVID-19 sa Code Red Sublevel 2, bunsod ng mabilis na pagtaas ng bilang ng mga kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa buong bansa.

Alinsunod sa mga Joint Resolution sa itaas, Proklamasyon Blg. 922 (s. 2020), at Batas Republika Blg. 11322, ipinababatid at inatasan ang lahat ng punò ng kagawaran, ahensiya, tanggapan at instrumentalidad ng pamahalaan, kabilang na ang Philippine National Police (PNP), Armed Forces of the Philippines (AFP), at Philippine Coast Guard (PCG), GOCCs, GFIs, SUCs, at LGUS, na isagawa, i-coordinate, at ipatupad ang sumusunod na mga panuntunan sa imposisyon ng Estriktong mga Hakbang sa Social Distancing sa National Capital Region sa loob ng tatlung (30) araw simula 00:00 nu ng 15 Marso 2020 hanggang 00:00 nu ng 14 Abril 2020, maliban kung may itinakdang bagong panahon para dito:

1. Ang lahat ng klase at gawaing pampaaralan sa lahat ng antas ay patuloy na suspendido hanggang 14 Abril 2020. Kaugnay nitó, titiyakin ng Department of Education (DepEd), ng Commission on Higher Education (CHED), ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), at katulad na mga ahensiyang regulatory na ang lahat ng SUCs, mga paaralan at pamantasan, at iba pang institusyong pang-edukasyon at pampagsasanay (educational and training institutions) na magbibigay ng sapat na mga hakbang upang patuloy na matugunan ng mga mag-aaral ang kanilang mga kahingian sa nasabing panahon. Ang lahat ng LGU, sa tulong ng Department of Interior and Local Government (DILG), ang magiging responsable sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pagtitiyak na mananatili ang mga mag-aaral sa kani-kanilang

tahanan sa panahon ng suspensiyon ng mga klase.

2. Ipinagbabawal ang malalaking pagtitipon. Ang malaking pagtitipon ay isang planado o di-planadong pagtitipon ng maraming tao na maaaring makaabala sa pagpapalabas at resources sa pagtugon ng lungsod o munisipalidad kung saan isinasagawa ang pagtitipon. Kabilang dito ang mga pagpapalabas ng sine, konsiyerto, sporting event at iba pang entertainment activities, mga assembleang pangkomunidad, at mga di-mahalagang pagtitipon sa trabaho. Ang mahahalaga at may kinalaman sa trabahong pagpupulong at gawaing panrelihiyon ay maaaring ituloy basta't ipinatutupad ang social distancing, ang estriktong pagpapanatili ng hindi bababâ sa isang (1) metrong radius sa pagitan ng mga dumalo, hábang isinasagawa ang pagtitipon. Titiyakin ng Department of Trade and Industry (DTI) na estriktong ipinatutupad ng mga bukás na pribadong establisimiyento ang social distancing.
3. Sa pamamagitan nitó, ipinatutupad ang community quarantine sa buong NCR. Ang mga LGU ay tatalima sa mga direktiba ng Department of Health (DOH) at Department of Interior and Local Government (DILG) sa imposisyon ng pangkalahatan at pinaigting na community quarantine sa kani-kanilang nasasakupan. Ang community quarantine ay may sumusunod na kahulugan:
 - a. Pangkalahatang community quarantine--lilimitahan ang pagkilos ng mga tao sa pag-akses sa mga batayang pangangailangan at trabaho at may mga uniformed personnel at quarantine officer sa border points.
 - b. Pinaigting na community quarantine--estriktong home quarantine sa lahat ng sambayanan, suspendido ang transportasyon, pinangangasiwaan ang probisyon ng pagkain at mahalagang serbisyong pangkalusugan, at dinagdagan ang mga uniformed personnel na magpapatupad ng quarantine.

Sang-ayon sa mga panuntunang maaaring ilabas ng IATF, lahat ng lugar na nása pangkalahatang community quarantine ay magpapatupad ng sumusunod:

- a. Higpitan ang di-mahalagang pagpások ng mga tao sa contained area, lalo na ng mga táong high-risk sa pagiging infected, (i.e. 60 taóng gulang pataas, mga táong immunocompromised o may co-morbidities, at mga buntis), maliban kung (1) mga health worker, (2) awtorisadong opisyal ng pamahalaan, (3) naglalakbay para sa dahilang medikal o humanitarian, (4) mga nagtatransit sa paliparan para sa biyahe sa labas ng bansa, (5) mga táong nagbibigay ng mga batayang serbisyo at public utility, at (6) mahalagang skeletal workforce;
- b. Pigilan ang hindi mahalagang paglabas ng mga tao sa contained na lugar, maliban sa (1) mga health worker, (2) awtorisadong opisyal ng gobyerno, (3) naglalakbay dahil sa dahilang medikal o humanitarian, at (4) mga binigyan ng permisong pumasok ayon sa mga nakalistang probisyon, sa pasubaling lahat ng táong umaalis ng contained community ay kailangang masuri para sa mga sintomas (lagnat, kahirapan sa paghinga, diarrhea) sa mga exit checkpoint kung saan (1) may kaukulang sertipikasyon na iiisyu ang competent health authority (DOH, Provincial/City/Municipal Health Officer), (2) inendoso ng health authority sa tatanggap na LGU ang papalabas na tao, (3) isasailalim sa 14 araw na home-based

quarantine, at (4) ang LGU ay kinakailangang subaybayan ang pagpapatupad ng home-based quarantine.

Ang mga LGU na nagpatupad ng community quarantine sa kani-kanilang nasasakupan, sa pagdeklara ng State of Calamity, ay papayagang magkaroon ng akses sa kanilang Quick Response Fund;

4. Alternatibong paraan ng pagtatrabaho, kabilang ngunit hindi limitado sa, work-from-home, compressed work week, staggered working hours, at pagbuo ng skeletal workforces, na ipatutupad sa Sangay Ehekutibo. Ang lahat ng miyembro ng PNP, AFP, at PCG at health at emergency frontline services ay inatasan na ipagpatuloy ang full operation. Ang mga sangay Lehislatibo at Hudikatura at independent constitutional bodies ay hinihimok na magpatupad ng katulad na patakaran;
5. Hinihikayat na magkaroon ng flexible work arrangements sa pribadong sektor. Para sa gawaing ito, susundin ang mga pertinenteng pabatid at gabay ng Department of Labor and Employment (DOLE) at DTI. Lahat ng mga establisimiyentong para sa manufacturing, retail, at panserbisyo ay pinapayuhang manatiling bukás . Sa lahat ng kaso, kinakailangang ipatupad ang mga social distancing measure;
6. Ang mga mass public transport facility, kabilang ang Light Rail Transit, ang Metro Rail Transit, at ang Philippine National Railways ay magpapatuloy sa kanilang operasyon. Kaugnay nitó, inatasan ang Department of Transportation na maglabas ng mga gabay sa mga nasabing publikong transportasyon, kabilang na ang iba pang paraan ng publikong transportasyon;
7. Magkakaroon ng restriksiyon ang paglalakbay sa lupa, domestikong himpapawid, at dagat patungo o mulang NCR. Pinahihintulutan sa ngayon ang lahat ng manggagawa, employed man o self-employed, na maglakbay tungo o mula sa NCR. Kung kinakailangan, maaaring ribyuhin ng IATF ang ganitong tuntunin, para sa pagsasaalang-alang ng kalusugan ng publiko. Kailangang magpakita ng pruwera ng empleo at/o negosyo (proof of employment and/or business) sa border checkpoints;

Pahihintulutang dumaan sa NCR ang papaalis na pasahero ngunit kailangang ipakita sa checkpoint ang pruwera ng kumpirmadong international travel itinerary na dapat ay sakop ng labindalawang (12) oras pagkaraang makapasok sa NCR. Dagdag pa, ang mga nasabing probisyon ay hindi nangangahulugang pinahihintulutan ang pagbiyahe papalabas ng bansa tungo sa mga bansang may restriksiyon sa paglalakbay o travel restrictions; at

Hindi ititigil ang pagbiyahe ng mga kargamento tungo at mula sa NCR, o sa iba pang lugar na maaaring isailalim sa community quarantine.

Pinapayuhan ang mga LGU sa labas ng NCR na magsagawa ng angkop na pagpapasiya sa pagsuspinde ng mga klase sa kanilang nasasakupan, nang may pagtatakda sa mga panuntunan upang mapahintulutan ang mga estudyanteng tuparin ang mga kahingian, na may koordinasyon sa DepEd o CHED. Kapag iniatas ang isang pagsuspinde ng klase, magiging responsable ang naturang LGU, katuwang ang DILG, sa implementasyon ng mga tuntunin sa pagtiyak na mananatili sa kanilang mga tahanan ang mga estudyante.

Pahihintulatang bumiyahé ang *Balik-Manggagawa* Overseas Filipino Workers (OFW) sa mainland China, maliban sa probinsiya ng Hubei, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang Deklarasyon na nagpapahayag na alam at nauunawaan nilá ang mga kaakibat na panganib. Sa lahat ng mga kaso, mag-iisyu ang DOH ng health advisory guide sa mga OFW sa kanilang pag-alis.

Ang mga papasók na manlalakbay mulang Iran at Italy ay kinakailangang magpakita ng medical certificate na inisyu ng mapagtitiwalaang medical authority sa loob ng apatnapu't walong (48) oras bago ang pag-alis, na nagpapatunay na negatibo silá sa COVID-19. Ang probisyong ito ay hindi aplikable sa lahat ng mamamayang Filipino kabílang ang kanilang banyagang asawa at mga anak, kung mayroon, nagtataglay ng Permanent Resident Visa, at nagtataglay ng 9(e) Diplomat Visa na inisyu ng Pamahalaan ng Filipinas. Lahat ng nakaraang restriksiyon sa paglalakbay ay mananatiling epektibo.

Simula ngayon ay pinapayagan ang DOH na magbigay ng exemption, sa dahilang humanitarian, sa mga papalabas na manlalakbay na tutungo sa mga lugar na kasalukuyang may restriksiyon sa paglalakbay.

Bubuo ang IATF ng mga rehiyonal na inter-agency task group sa lahat ng rehiyon sa bansa. Dagdag pa, bubuo ng composite na mga pangkat ang DOH katuwang ang mga law enforcement agency upang matiyak ang contact-tracing at containment measures sa lahat ng panig ng bansa.

May karampatang parusa ang hindi pagtalima sa nabanggit na mga panuntunan, alinsunod sa kaukulang batas at regulasyon. Sa layuning ito, inaatasan ang Department of Justice (DOJ) na pangunahan ang paghahain ng kaukulang reklamo kung kinakailangan.

Ang IATF, kasáma ang Executive Secretary, Cabinet Secretary, mga kalihim ng National Defense, Environment and Natural Resources, Trade and Industry, Social Welfare and Development, Education, Agriculture, Chief of Staff ng AFP, mga punò ng Philippine Army, Philippine Navy, Philippine Air Force, PCG at PNP, at iba pa na maaaring anyayahan ng IATF, ay magtitipon araw-araw upang pag-aralan at patuluyang iribyu ang mga panuntunan sa pagharap sa sitwasyong COVID-19, hanggang sa panahong mawala na ito.

Panghulí, inaatasan ang mga ahensiyang kasapi ng IATF at iba pang natukoy na ahensiya na isapinal at isumite ang kani-kanilang tuntunin sa implementasyon ng Community Quarantine sa DOH sa 14 Marso 2020, 2:00 nh. Inaaprobahan in principle ang mga protokol ng Department of Social Work and Development (DSWD) sa social amelioration nang isinasaalang-alang ang pagtalima ng mga protokol at/o panuntunang ito sa mga parametrong itinakda ng IATF.

Para sa kagyat na pagtalima.

Sa Atas ng Pangulo:

(Sgd.) **SALVADOR C. MEDIALDEA**